# Pagiging Karapat-dapat ng Hindi Citizen sa CalFresh Mga Madalas Itanong

## ➢ Bakit binago ng CalFresh ang pagiging karapat-dapat para sa ilang hindi citizen na legal na nasa bansa?

Nililimitahan ngpederal na batas na ipinasa kamakailan ng Kongreso at nilagdaan ng Pangulo ang pagiging karapat-dapat sa CalFresh sa ilang partikular na grupo ng mga hindi citizen na legal na nasa bansa. Ang batas na ito ay kilala bilang H.R. 1 o One Big Beautiful Bill Act (Public Law 119-21)[1].

Kahit na maraming hindi citizen na legal na nasa bansa ang mawawalan ng pagiging karapat-dapat sa CalFresh, ang ilan ay karapat-dapat pa rin para sa CalFresh o sa California Food Assistance Program (CFAP). Ang CFAP ay ang programa ng benepisyo sa pagkain na pinopondohan ng estado ng California para sa ilang partikular na grupo ng mga kwalipikadong hindi citizen.

## ➢ Sino ang karapat-dapat para sa CalFresh?

Simula **Abril 1, 2026**, ikaw ay karapat-dapat para sa CalFresh kung ikaw ay isang taong:

- Citizen ng Estados Unidos (U.S.);
- U.S. National (tulad ng mga taong ipinanganak sa American Samoa o Swains Island)
- Pumasok sa bansa mula sa Cuba at Haiti (CHE)[2] ;
- Citizen ng Micronesia, Marshall Islands, o Palau; o,
- Legal na Permanenteng Resident (LPR) na natugunan ang 5-taong panahon ng paghihintay o naka-exempt sa 5-taong panahon ng paghihintay, gaya ng nakalista sa ibaba:
  - o Wala pang 18 taong gulang
  - o Mayroong 40 kwalipikadong work quarter
  - o Hindi nakakakita o may kapansanan
  - o Legal na naninirahan sa U.S. at 65 taong gulang o pataas noong Agosto 22, 1996
  - o Mayroong koneksyon sa militar ng U.S.
  - o Tinanggap sa U.S. bilang imigranteng Amerasian
  - o Amerikanong Indian na ipinanganak sa ibang bansa
  - o Mga partikular na miyembro ng tribo ng Hmong o Highland Laos
  - o Iba pang mga partikular na kategorya ng mga hindi citizen na may katayuang makatao

---

[1] Inaamyendahan ng HR. 1 ang seksyon 6(f) ng Food and Nutrition Act ng 2008 upang limitahan ang pagiging karapat-dapat ng mga hindi citizen sa CalFresh.
[2] Para sa buong saklaw ng kung sino ang karapat-dapat bilang CHE, bisitahin ang: https://acf.gov/sites/default/files/documents/orr/orr_fact_sheet_cuban_haitian_entrant.pdf

# Pagiging Karapat-dapat ng Hindi Citizen sa CalFresh Mga Madalas Itanong

## ➢ Sino ang hindi na karapat-dapat para sa CalFresh?

Simula **Abril 1, 2026,** hindi ka na magiging karapat-dapat para sa CalFresh at ang iyong mga benepisyo sa CalFresh ay wawakasan kung ikaw ay isang taong:

- Asylee;
- Refugee;
- Parolado (maliban kung ikaw ay CHE);
- Indibidwal na pinigilan o ipinagpaliban ang deportasyon o pagpapaalis sa kanya sa bansa;
- Pumasok sa Bansa nang may Kondisyon;
- Nakaligtas sa Trafficking;
- Binugbog na Hindi Citizen;
- Iraqi o Afghan na may Special Immigrant Visa (SIV) na hindi isang LPR;
- Afghan National ang Nabigyan ng Parole sa pagitan ng Hulyo 31, 2021, at Setyembre 30, 2023
- Partikular na Ukrainian National ang Nabigyan ng Parole sa pagitan ng Pebrero 24, 2022, at Setyembre 30, 2024

## ➢ Paano kung nagbago ang aking status sa imigrasyon?

Kahit hindika kwalipikado para sa CalFresh,maaari kangmaging karapat-dapat kung nagbago ang iyong status sa imigrasyon. Makipag-ugnayan sa iyong worker ng county kung nagbago ang iyong status at ikaw ay naging:

- Citizen ng U.S.;
- U.S. National;
- Pumasok sa bansa mula sa Cuba at Haiti (CHE);
- Citizen ng Micronesia, Marshall Islands, o Palau; o,
- Legal na Permanenteng Residente (LPR)
    - Ito ay naaangkop sa iyo kung dati ka nang nabigyan ng isa sa mga sumusunod na status:
        - Refugee;
        - Asylum;
        - Pinigilan o ipinagpaliban ang deportasyon o pagpapaalis sa bansa;
        - Imigranteng Amerasian;
        - Biktima ng trafficking;
        - Iraqi o Afghan SIV na hindi isang LPR; o
        - Partikular na Paroladong Afghan o Ukrainian

COUNTY OF SAN MATEO HUMAN SERVICES AGENCY

# Pagiging Karapat-dapat ng Hindi Citizen sa CalFresh Mga Madalas Itanong

➢ **Akoayhindicitizenat nag-applyparasaCalFreshkamakailan.Magiging karapat-dapat ba ako?**

SimulaAbril 1, 2026, magigingkarapat-dapatkalamangparasaCalFreshkungikaway:

- Citizen ng U.S.;
- U.S. National;
- LPR;
- CHE; o,
- Citizen ng Micronesia, Marshall Islands, o Palau; **at**
- Natutugunan mo ang lahat ng iba pang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat sa pananalapi. Tutukuyin ng worker ng county kung ikaw ay karapat-dapat para sa mga benepisyo kapag nag-apply ka.

Kung maraming tao sa iyong sambahayan na may iba't ibang status sa imigrasyon, makakatanggap ka ng abiso na nagpapakita kung sino ang inaprubahan at kung sino angtinanggihan.

➢ **Kailan matatapos ang aking mga benepisyo kung hindi na ako karapat-dapat pagkatapos ng Abril 1, 2026?**

Ang iyongmga benepisyo ay magpapatuloy hanggang sa iyong susunodna recertification hangga't patuloy mong natutugunan ang lahat ng iba pang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat na hindi citizen. Tutukuyin ng worker ng county kung karapat-dapat ka pa rin para samgabenepisyo sa panahong iyon.

➢ **Paano ko malalaman kung nawawalan na ako ng pagiging karapat-dapat sa CalFresh?**

Rerepasuhin ng worker ng county ang iyong pagiging karapat-dapatsa iyong susunodna recertification. Tatanggap ka ng paunawa kung hindi ka na karapat-dapat para tumanggap ng CalFresh. Halimbawa, kung ang iyong susunod na taunang recertification ay sa Setyembre 2026, doon rerepasuhin ang iyong status sa imigrasyon upang matukoy kung karapat-dapat ka pa rin.

Karamihan sa mga tao ay muling nagpapasertipika kada 12 buwan, ngunit ang ilang sambahayan ay may mas mahabang panahon ng sertipikasyon. Kasama sa mga sambahayang ito ang:

- Mga may mga miyembrong matatanda o may kapansanan na may 24 na buwang panahon ng recertification

# Pagiging Karapat-dapat ng Hindi Citizen sa CalFresh Mga Madalas Itanong

- Mga maymgamiyembrong matatanda at/omaykapansananlamangatwalang kita na may 36-na-buwang panahon ng sertipikasyon.

➢ **Paanoko mahahanap ang petsa ng aking recertificationsa BenefitsCal?**

Mahahanap mo ang petsa ng iyong recertification sa pamamagitan ng pag-log in sa iyong BenefitsCal.com account at pagtingin sa iyong Customer Dashboard.

➢ **Kabilang sa aking sambahayan ang parehong citizen at hindi citizen. Magiging karapat-dapat ba ang aking sambahayan para sa CalFresh?**

Ang pagiging karapat-dapat sa CalFresh ay pinagpapasyahan para sa bawat indibidwal sa iyong sambahayan. Ang ilang miyembro ng iyong sambahayan ay maaari pa ring maging karapat-dapat para sa CalFresh kung:

- Kasalukuyan kang tumatanggap ng CalFresh, rerepasuhin ng worker ng county ang iyong pagiging karapat-dapat sa iyong susunod na recertification. Padadalhan ka ng worker ng county ng paunawa na nagpapakita kung sino-sinong mga tao sa iyong sambahayan ang karapat-dapat pa rin.
- Nag-apply ka para sa CalFresh, rerepasuhin ng worker ng county worker ang iyong aplikasyon, gagawa ng desisyon, at magpapadala sa iyo ng paunawa na nagpapakita sa iyo kung sino ang inaprubahan at kung sino ang tinanggihan.

➢ **Ako ay hindi citizen at hindi na ako makakakuha ng CalFresh dahil sa H.R. 1. Maaari ba akong makakuha ng mga benepisyo sa pagkain ng California Food Assistance Program (CFAP)?**

Ang ilang hindi citizen na legal na nasa bansa ay maaaring maging kwalipikado para sa CFAP sa ilalim ng kasalukuyang batas ng estado. Gayunpaman, karamihan sa mga hindi citizen na hindi na karapat-dapat para sa CalFresh dahil sa H.R. 1 ay hindi karapat-dapat para sa CFAP, maliban sa mga binugbog na hindi citizen at ilang parolado.

Sa recertification, tutukuyin ng iyong worker ng county ang iyong pagiging karapat-dapat para sa CalFresh. Kung hindi ka na karapat-dapat para sa CalFresh dahil sa H.R. 1 ngunit karapat-dapat ka para sa CFAP, aayusin ng iyong worker ng county ang iyong mga benepisyo sa pagkakataong iyon. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa pagiging karapat-dapat sa CFAP, maaari kang makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng mga serbisyong panlipunan sa iyong county. Maaari mo ring bisitahin ang website ng CFAP para sa karagdagang impormasyon: https://www.cdss.ca.gov/inforesources/calfresh/california-food-assistance-program

# Pagiging Karapat-dapat ng Hindi Citizen sa CalFresh Mga Madalas Itanong

➢ **Sinoang karapat-dapat parasa CFAP?**

Upang maging karapat-dapat parasa mga benepisyo ng CFAP, dapat ay hindi ka karapat-dapat para sa mga benepisyo ng CalFresh dahil lamang sa iyong status sa imigrasyon sa ilalim ng Personal Responsibility and Work Opportunity Reconciliation Act (PRWORA) ng 1996.

Ang ilang halimbawa ng mga indibidwal na karapat-dapat sa CFAP ay mga hindi citizen na:

- Mga LPR na hindi natugunan ang limang-taong kinakailangan sa paninirahan sa U.S. o 40 kwalipikadong pamantayan sa work quarters;
- Mga Parolado
  - Simula Hunyo 1, 2026, ang mga parolado na hindi pa natutugunan limang taong panahon ng paghihintay o naka-exempt sa pagiging kwalipikado para sa mga benepisyo ng CFAP anuman ang haba ng parole kung ang lahat ng iba pang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ay natugunan.
- Mga pansamantalang pumasok sa bansa nang may kondisyon; o
- Nabubugbogoinaabuso

➢ **Makakaapekto ba ng pag-apply, o pagtanggap, ng CalFresh o CFAP ang aking katayuan sa imigrasyon?**

Simula nong Marso 9, 2021,ang CalFreshat CFAP ay hindi na itinuringna mga programa na public charge (pasanin ng pamahalaan). Ang ibig sabihin nito ay hindi maaapektuhan ng CFAP ang iyong aplikasyon para sa visa sa U.S. o ang iyong aplikasyon para sa green card na nakabase sa pamilya. Gayunpaman, nagpanukala ang administrasyong Trump ng mga pagbabago sa tuntunin sa public charge na maaaring makaapekto sa kung paano ibinibilang ang pagtanggap ng mga benepisyo sa pagkain sa mga desisyon sa imigrasyon. Mangyaring tingnan ang gabay sa public charge sa ibaba para sa karagdagang impormasyon at kumonsulta sa isang abogado ng imigrasyon kung mayroon kang mga karagdagang katanungan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagiging public charge, mangyaring bisitahin ang sumusunod:

- Gabay sa Public Charge ng California Health and Human Services Agency (CalHHS) (mababasa sa 21 wika), https://www.chhs.ca.gov/public-charge-guide/
- Mga Kontratista para sa mga Serbisyong Legal sa Imigrasyon: https://www.cdss.ca.gov/benefits-services/more-services/immigration-services/immigration-legal-service-providers

# Pagiging Karapat-dapat ng Hindi Citizen sa CalFresh Mga Madalas Itanong

➢ **Saan ako makakakuha ng tulong sa pagkain kung hindi na ako karapat-dapat para sa CalFresh?**

Kunghindikanakarapat-dapatparasa CalFresh, maaarikang:

- Makipag-ugnayan sa iyong lokal na Food Bank para sa tulong sa pagkain: https://cdss.ca.gov/food-banks
- Tawagan ang iyong lokal na 211 Resource Line
- Makipag-ugnayan sa mga serbisyong pampamilya ng Women, Infants, and Children (WIC)ng California: https://myfamily.wic.ca.gov/

➢ **Saan ko pa matututunan ang higit pang impormasyon tungkol sa legal na suporta para sa mga imigrante?**

Parasaimpormasyon tungkol sa tulong samgaserbisyong legal omgaalalahanintungkol sa pagsasaayos ng iyong status, bisitahin ang webpage ng Legal Services Assistance ng Immigration Services Bureau: https://www.cdss.ca.gov/inforesources/immigration/ legal-services

Para makahanap ng mga direktang tagapagbigay ng serbisyong legal, bisitahin ang webpage ng Impormasyon ng mga Tagapagbigay ng Serbisyong Legal:

https://www.cdss.ca.gov/inforesources/immigration/contractor-contact-information

---

➢ **Saan ko pa matututunan ang higit pang impormasyon tungkol sa CalFresh?**

Tumawagsa**1-800-223-8383** Lun-Biy 8AM - 5PM para makipag-usap sa iyong lokal na mga serbisyong panlipunan ng county manggagawa. California Relay Service tumawag sa 1-800-735-2922 TDD tumawag sa 1-800-735-2929

Upang matutunan pa ang tungkol sa CalFresh o upang makahanap ng lokal na tanggapan ng mga serbisyong panlipunan sa county na malapit sa iyo, bumisita sa: www.smcgov.org/hsa

CalFresh | CDSS

COUNTY OF SAN MATEO
HUMAN SERVICES AGENCY